7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan

Kuwarter

Linggo

5

DepED MATATAG

BAGONG PILIPINAS

ONE NCR STRONGER TOGETHER

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 1: Linggo 5**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Development Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Aileen S. Alforque |
| **Content Reviewer:** | Ricardo P. Makabenta |
| **External Content Validator:** | Dr. Ma. Victoria Culminas-Colis, Ruben Jeffrey Asuncion |
| **External Language Validator:** | |
| **Illustrator:** | Romdel F. Partoza |
| **Layout Artist:** | Allan E. Medenilla, Albert James Macaraeg |

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City<br>Metro Manila, Philippines, 1105 |
| Telefax: | (02) 85229412 |
| Email Address: | ncr@deped.gov.ph |

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 1

**Pamagat/Paksa ng Aralin:** Mainland Origin Hypothesis (Bellwood) at Island Origin Hypothesis (Solheim)


**Layunin:** Nasusuri ang kalinangang Austronesyano at Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya

- Natutukoy ang mga teorya kaugnay ng Mainland Origin Hypothesis (Bellwood) at Island Origin Hypotheis (Solheim)
- Napaghahambing ang teorya ng Mainland Origin Hypothesis (Bellwood) at Island Origin Hypotheis (Solheim)
- Napahahalagahan ang mga teorya ng migrasyon sa paglaganap ng mga tao sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

**Kagamitang Kailangan:** Larawan, slide decks at aklat

**Panimulang Gawain: Picture Analysis**

**Panuto:** Tingnan ang sumusunod na larawan. Tukuyin ang mga katangiang pisikal ng mga nasa larawan**.**




## Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang nakikita mo sa larawan?
2. Ano ang mga simbolismong ginamit sa larawan?
3. Ano ang nais ipahiwatig ng larawan?
4. Ano ang iyong reaksyon sa mensahe ng larawan?

**Gawain 1: Pagtatapat-tapat**

**Panuto:** Piliin mula sa mga salita sa hanay B ang tinutukoy ng mga lipon ng salita mula sa hanay A. Isulat ang letra ngtamang sagot sa iyong kwaderno.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| **1.** Paglipat o pandarayuhan | **A.** Dalubhasa |
| **2.** Espesyalisasyon sa isang kasanayan o kaalaman | **B.** Migrasyon |
| **3.** Kauna-unahang tao sa lugar | **C.** Ninuno |
| **4.** Tumakas o umalis | **D.** Austronesian |
| **5.** Tao mula sa timog | **E.** Chert |
| | **F.** Lumikas |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Gawain 2: Pagbasa ng Teksto**

Sina Peter Bellwood at Wilhelm G. Solheim II, na mga kilalang dalubhasa sa larangan ng pag-aaral ng Timog Silangang Asya at prehistoric archaeology. Sila ay nagbigay ng mahahalagang teorya at kontribusyon sa pag-unawa sa pinagmulan at paglaganap ng mga Austronesian sa rehiyon na ito.

Ang teorya ng Austronesian Migration ni Peter Bellwood ay naglalayong ipaliwanag ang pagkakatulad sa kultura, wika, at pisikal na katangian ng mga bansa sa Timog Silangang Asya at sa Pacific. Siya ay naniniwala na ang mga Austronesyano ang ninuno ng mga tao sa rehiyong ito na nagmula sa Taiwan. Ayon sa teorya ni Bellwood, ang paglalakbay ng mga Austronesyano mula sa Taiwan patungong Timog Silangang Asya at iba't ibang bahagi ng Pacific ay nagdala ng malalim na impluwensiya, mga kultura at teknolohiya ng mga lugar na kanilang napuntahan.

Sa kabilang banda, si Wilhelm G. Solheim II ay nagtaguyod ng kaniyang Nusantao Maritime Trading and Communication Network hypothesis. Ayon dito, ang mga Austronesyano ay unang dumating sa Pilipinas mula sa Indonesia, partikular sa Mindanao. Ipinapakita ng kaniyang teorya ang malawakang koneksiyon ng mga tao sa pamamagitan ng kalakalan at komunikasyon sa mga karatig bansa

Ang dalawang ito ay may iba't ibang pananaw sa detalye ng pagdating ng mga Austronesyano sa Timog Silangang Asya, ngunit pareho silang nagsusulong ng konsepto na ang mga Austronesyano ay nagdulot ng malalim na impluwensiya sa rehiyon sa pamamagitan ng kanilang migrasyon, kultura, wika, at teknolohiya. *Hango mula sa AP 5 PIlipinas Bilang Isang Bansa p. 52-53.*

Sila ay nagmula sa Timog China at naglakbay sa iba't ibang bahagi ng Timog Silangang Asya, Oceania, at iba pa. Ang kanilang paglalakbay ay nagdulot ng malalim na impluwensiya sa kultura, wika, at iba't ibang aspeto ng mga lugar na kanilang napuntahan.

Ang Mainland Origin Hypothesis ni Peter Bellwood ay isa sa mga teorya na nagtuturo na ang mga Austronesyano ay nagmula sa Timog China at naglakbay patungong Taiwan, at mula roon ay kumalat sa iba't ibang mga bahagi ng Timog Silangang Asya at iba pang mga lugar. Ipinapakita ng kaniyang teorya ang koneksiyon sa pagitan ng mga wika at kultura sa mga lugar na kanilang dinatnan. Ang mga wika sa Indonesia, Malaysia, Pilipinas, at iba pa ay may mga pagkakahawig dahil sa kanilang pinagmulan sa mga Austronesyano.

Ang malawakang pagkakahawig ng mga wika sa mga nasabing lugar ay nagdulot ng mga ebidensya ng kanilang migrasyon at pag-angkop sa mga bagong kalakaran at kapaligiran. Ang mga tao ay nagdala ng kanilang mga wika at kultura sa mga lugar na kanilang napuntahan, na nagreresulta sa mga pagkakahawig at pagkakaiba sa mga aspetong ito ng kaniang pamumuhay. *(Asya: Pag-usbong ng Kabihasnan, p. 67)*




DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

### Gawain 3: Pangkatang Gawain

**Panuto:** Hahatiin ang klase sa 2 pangkat at bibigyan ng 10 minuto para sa takdang gawain. Isulat ang mga nakalap na impormasyon gamit ang graphic organizer sa paglaganap ng tao sa Timog Silangang Asya.

**Pangkat 1**: Mainland Origin Hypothesis (Bellwood)
**Pangkat 2**: Island Origin Hypothesis (Solheim)



https://ecdn.teacherspayteachers.com/thumbitem/Square-Venn-Diagrams-2937672-1496540374/original-2937672-4.jpg

### Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang ipinapaliwanag ng Mainland Origin Hypothesis (Bellwood)? Ano naman ang sa Island Origin Hyphotesis Theory (Solheim)?
2. Pahambingin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawang teorya.


### Gawain 4: Debate

**Panuto:** Panuto: Ibigay ang saloobin sa tanong sa ibaba. Ilahad ang ideya at saloobin sa gagawing debate.

**Paksa:** Alin sa dalawang teorya ng pinagmulan ng mga tao sa Pilipinas at Timog Silangang Asya ang higit Na makatotohanan? Pangatwiranan.

### Gawain 5: Concept Web

**Panuto:** Punan ng wastong impormasyon ang Concept Web sa ibaba. Maari itong kulayan. Gawin ito sa inyong sagutang papel.





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Dagdag pang mga Kagamitan (Opsiyonal):**

**Pagtataya/Repleksiyon**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong Kwaderno

1. Base sa teoryang ito, ang lahi ng mga taga Timog Silangang Asya ay mula sa Timog China. Sinong eksperto ang nagpahayag ng teoryang ito?
   A. Beyer B. Darwin C. Solheim D. Bellwood

2. Anong dalawang teorya ang kapani-paniwalang pinagmulan ng paglaganap ng tao sa Timog Silangang Asya?
   A. Core Migration Theory at Wave Migration Theory
   B. Wave Migration Theory at Island Origin Hypothesis Theory
   C.Mainland Origin Hypothesis Theory at Isaland Origin Hypothesis Theory
   D. Island Origin Hypothesis Theory at Origin of Species by Means of Natural Selection

3. Ano ang pangunahing mensahe na nais ipahiwatig ng mga teorya at kontribusyon nina Bellwood at Solheim sa pag-aaral ng Timog Silangang Asya?
   A. Ang Timog-Silangang Asya ay isang malalim at misteryosong rehiyon.
   B. Ang mga Austronesyano ay mga mandaragat lamang at hindi marunong sa kalakalan.
   C.Ang mga Austronesyano ay hindi nagdala ng anumang impluwensya sa mga karatig bansa.
   D. Ang mga Austronesyano ay may malaking papel na ginampanan sa pag-unlad ng kultura at teknolohiya sa rehiyon.

4. Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa mga kaisipan o teoryang nabuo ukol sa migrasyon sa paglaganap ng mga tao sa Pilipinas at Timog Silangang Asya?
   A. Panatilihin at ayunan ang nakagisnang paniniwala.
   B. Salungatin tuwina ang mga kaisipang inilalahad.
   C. Paniwalaan ang mga kaisipang inatangkilik ng karamihan.
   D. Ugaliin ang pagkakaroon ng bukas na kaisipan at magpatuloy sa pagsasaliksik.

5. Ano ang pangunahing kontribusyon ng mga Austronesyano sa kalakalan at komunikasyon sa Rehiyon?
   A. Paggamit ng mga hayop sa pagsasaka
   B. Pagbuo ng kalatas kaugnay sa digmaan
   C. Pinadali ang sistema sa pagtatayo ng mga templo
   D. Pagkakaroon ng koneksyon sa pamamagitan ng kabihasaang pandaragat sa kalakalan

**Tala para sa Guro:**

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.

**Ekstensiyoni/Pag-iba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat)**



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

## MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 2

**Pamagat/Paksa ng Aralin:** Peopling of Mainland Southeast Asia
**Layunin:** Nasusuri ang kalinangang Austronesyano at Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya

- Natutukoy ang mga bansang kabilang sa Mainland Southeast Asia.
- Nakabubuo ng pangkalahatang konsepto tungkol sa Mainland Southeast Asia.

**Kagamitang Kailangan:** Mga Larawan, slide decks at aklat

### Gawain 1: Pool of Asian countries

**Panuto**: Tukuyin sa loob ng kahon ang mga bansang kabilang sa Mainland Southeast Asia. Isulat ang mga sagot sa iyong kwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| **China** | **Philippines** | **Laos** |
| **Cambodia** | **Singapore** | **Vietnam** |
| **Thailand** | **Mynmar East** | **Malaysia** |
| **Indonesia** | **Timor** | **Japan** |

Mga Gabay na Tanong:

1. Pangalanan at ituro sa mapa o globo ang mga bansang kabilang sa Mainland Southeast Asia.
2. Paano naiiba ang mga bansang ito mula sa Insular Southeast Asia?

### Gawain 2: Pagbasa ng Teksto

**Panuto:** Basahing mabuti ang teksto at itala ang mahahalagang impormasyon tungkol sa Mainland Southeast Asia.




Ang Mainland Southeast Asia ay binubuo ng mga bansang Indochina (Cambodia, Laos at Vietnam sa kasalukuyan), Thailand at Myanmar. Ang mga mahahalagang ilog na dumadaloy sa rehiyong ito ang Irrawaddy, Salween, Chao Phraya, Mekong, at Red River.

Ang mga ilog na ito ay nagbibigay-buhay sa mga kalakhang kapatagan at delta, na nag-bibigay ng mga matabang lupa para sa agrikultura at nagpapalaganap ng mga kabihanan. Sa ibaba ay makikita ang mapa ng Mainland Southeast Asia.

Ang rehiyong ito ay mayaman sa kultura at kasaysayan. May mga likas na yaman na nakaimpluwensiya sa mga tradisyon, pananamit, musika, at sining ng mga tao

Ang Mainland Southeast Asia ay may malalim na koneksiyon sa iba't ibang imperyong Asyano tulad ng Khmer, Ayutthaya, at Champa.Mayroong iba't ibang wika at diyalekto sa buong rehiyon. Halimbawa, ang Burmese sa Myanmar, Thai sa Thailand, Vietnamese sa Vietnam, at iba pa.

Ang rehiyong ito ay mayaman sa kultura at kasaysayan. May mga likas na yaman na nakaimpluwensiya sa mga tradisyon, pananamit, musika, at sining ng mga tao.

Ang Mainland Southeast Asia ay may malalim na koneksiyon sa iba't ibang imperyong Asyano tulad ng Khmer, Ayutthaya, at Champa.Mayroong iba't ibang wika at diyalekto sa buong rehiyon. Halimbawa, ang Burmese sa Myanmar, sa Thailand, Vietnamese sa Vietnam, at iba pa.

Ang mga bansa sa Mainland Southeast Asia ay may iba't ibang uri ng pamahalaan, mula sa mga monarkiya hanggang sa mga republika.

Ang rehiyon ay may mga kasaysayan ng digmaang lokal at mga impluwensiya ng mga kolonyal na kapangyarihan. May mga malalaking lungsod sa rehiyon tulad ng Yangon sa Myanmar, Bangkok sa Thailand, Vientiane sa Laos, Phnom Penh sa Cambodia, at Hanoi sa Vietnam.




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

Ipinapakita ng rehiyon ang malawakang kahalagahan ng agrikultura at pangingisda sa mga kabuhayan ng mga tao. Ang mga kalakal tulad ng tela, alahas, at mga produktong agrikultura ay mahalaga sa kalakalan.

Sa pangkalahatan, ang Mainland Southeast Asia ay isang mayamang rehiyon na may makulay na kasaysayan, kultura, at kalakaran ng ekonomiya. Ang malalim na impluwensiya ng mga kabihasnan at relihiyon ay nagdala ng masalimuot na yaman ng karanasan sa mga bansang bumubuo ng rehiyong ito. *Asya: Pag-usbong Ng Kabihasnan , Mateo p. 29*

**Gawain 3: Itala ang mga Mahahalagang Ideya**

**Panuto:** Basahing mabuti ang teksto at itala ang mahahalagang impormasyon tungkol sa Mainland Southeast Asia.




**Mga Gabay na Tanong**

1. Ilarawan ang Mainland Southeast Asia. Matutukoy mo ba sa mapa ng mundo ang lokasyon nito?

2. Paghambingin ang iyong mga naitala sa naitala ng iyong kamag-aral, may pagkakatulad ba ang inyong mga nakalap?

3. Paano naiiba ang rehiyong ito sa Insular Southeast Asia?

**Gawain 4: P-E-R Guide**

**Panuto:** Basahin ang tektso. Punan ng mga parirala o pangungusap ang **P**aksa, **E**bidensiya at ibigay ang iyong **R**eaksiyon sa artikulo sa ibaba gamit ang talahanayan sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Isang pambihirang sulyap sa ating mga unang ninuno sa Mainland Southeast Asia**

Ano ang nag-uugnay sa isang fossil na natagpuan sa isang kuweba sa hilagang Laos sa mga kagamitang bato na ginawa sa hilagang Australia? Ang sagot ay tayo. Noong unang dumating ang ating mga ninuno na Homo Sapiens sa Timog Silangang Asya habang sila'y patungo sa Africa papuntang Australia, iniwan nila ang ebidensya ng kanilang pananatili na naipon sa loob ng libo-libong taon sa malalim na kuweba. Ang pinakabagong ebidensya mula sa kuweba ng Tam Pà Ling sa hilagang Laos, na natuklasan ng isang koponan ng mga mananaliksik mula sa Laos, Pransya, Amerika, at Australya at inilathala sa Nature Communications, ay nagpapatunay na ang modernong mga tao ay kumalat mula sa Africa, sa pamamagitan ng Arabia, patungo sa Asya nang mas maaga kaysa sa dating paniniwala. Ito rin ay nagpapatibay na ang ating mga ninuno ay hindi lamang binabaybay ang mga isla. Sila din ay naglakbay sa mga gubat na rehiyon at sa mga libis ng mga ilog. May ilan sa kanila ang nagpatuloy sa pamamagitan ng Timog Silangang Asya upang maging mga unang tao ng Australia. Ang Tam Pà Ling ay may malaking bahagi sa kuwento ng migrasyon ng modernong tao sa buong Asya ngunit ang kaniyang kahalagahan ay ngayon lamang tunay na kinikilala," sabi ni Assistant Professor Fabrice Demeter, isang paleoantropolohista mula sa Unibersidad ng Copenhagen at isa sa mga pangunahing may-akda ng artikulo.

https://phys.org/news/2023-06-rare-glimpse-ancestors-mainland-southeast.html, June 13, 2023. Macquarie University




**Mga Gabay na Tanong**

1. Ano ang isinasaad ng artikulo?

2. Batay sa mga ebidensiyang naihayag, kapani-paniwala ba ang kanilang natuklasan? Ipaliwanag.



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Gawain 5: Exit Ticket**

**Panuto:** Sagutan ang exit ticket ukol sa iyong natutuhan sa aralin. Isulat ito sa iyong kwaderno

**Exit Ticket**

Ang mga natutuhan ko sa araling ito ay

**Dagdag pang mga Kagamitan (Opsiyonal): Pagtataya/Repleksiyon**

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

1. Ano-ano ang mga bansang kasama sa Mainland Southeast Asia?
   **A.** Brunei Darussalam, Cambodia, Laos at Pilipinas
   **B.** Cambodia, Laos, Myanmar, Thailand at Vietnam
   **C.** Cambodia, Laos, Malaysia at Vietnam
   **D.** Indonesia, Myanmar,Thailand at Vietnam

2. Ano ang ilang mahahalagang ilog na dumadaloy sa Mainland Southeast Asia?
   **A.**Amazon River, Nile River, at Ganges River
   **B.**Yangtze River, Yellow River, at Mekong River
   **C.** Mekong River, Salween River, at Irrawaddy River
   **D.** Mississippi River, Danube River, at Thame

3. Ano ang naiambag ng mga ilog sa Mainland Southeast Asia sa agrikultura?
   **A**.Nagbibigay-buhay sa mga kalakhang kaaptagan at delta para sa agrikultura.
   **B**.Nag-aalaga sa mga hayop na magiging pangunahing produkto sa ekonomiya.
   **C**.Nagbibigay ng likas na yaman na makatutulong sa industrilisasyon.
   **D**. Pumipigil sa pag-ulan na nagdudulot ng pagkasira ng kagubatan.

4. Paano naiimpluwensiyahan ng mga imperyong Khmer, Ayutthaya, at Champa ang Mainland Southeast Asia?
   **A.** Nagdala sila ng malawakang kalakalan sa rehiyon.
   **B.** Nag-ambag sila sa pag-unlad ng relihiyon sa rehiyon.
   **C.** Nagtatag sila ng mga imperyo sa Timog-Silangang Asya.
   **D.** Nagsagawa sila ng mga eksedisyon sa iba't ibang bahagi ng mundo.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

5. Paano nagdulot ng malalim na impluwensiya ang mga kabihasnan at relihiyon sa Mainland Southeast Asia?
   **A.** Pinilit nilang baguhin ang pamumuhay ng mga tao sa rehiyon.
   **B.** Nagdala sila ng mga pagbabago sa ekonomiya at pamahalaan.
   **C.** Nagpakilala sila ng mga paniniwala at kultura na hindi tinanggap ng mga tao.
   **D.** Nagdala sila ng mga kaisipang nag-ambag sa yaman ng karanasan ng rehiyon.

Tala para sa Guro:

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.

**Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):**



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 2**

**Pamagat/Paksa ng Aralin:** Peopling of Mainland Southeast Asia
**Layunin:** Nasusuri ang kalinangang Austronesyano at Imperyong Maritima kaugnay sa pagbuo ng kalinangan ng Pilipinas at Timog Silangang Asya

- Nailalarawan ang mga bansang kabilang sa Mainland Southeast Asia.
- Napapahalagahan ang kasaysayan at kultura ng mga bansang mula sa Mainland Southeast Asia.

**Kagamitang Kailangan:** Mga Larawan, slide decks at aklat

**Gawain 1: Pagbasa ng Teksto**

**Panuto:** Basahin nang tahimik ang teksto. Itala ang mahahalagang impormasyon sa mga bansa sa Timog Silangang Asya.

Ang **Indochina** ay isang heograpikal na termino na nagmula noong ika-19 na siglo para sa bahaging kontinental ng Timog Silangang Asya. Ang terminong ito ay nagpapakita sa kultural na impluwensiya mula sa India at Tsina sa rehiyon. Ito ay tumutukoy sa mga lupain na nasa pagitan ng mga kultural na impluwensiya ng India sa kanluran at Tsina sa hilaga.

Noong unang panahon, ang Indochina ay kabilang sa mga lugar na nakaambang sa mga makapangyarihang bansa ng India at Tsina. Ito ay kinabibilangan ng mga lugar ng Myanmar, Thailand, Laos, Cambodia, Vietnam, at sa ilang pagkakataon, ang peninsular na bahagi ng Malaysia.

Sa paglipas ng panahon, ang termino ay naging pangalan ng kolonya ng French Indochina, kabilang ang mga bansang Vietnam, Cambodia, at Laos. Ngunit ang mga terminong "Indochina" at "Mainland Southeast Asia" ay maaari ring gamitin upang tukuyin ang buong rehiyon ng mga bansang nabanggit.

Ang kasaysayan ng Indochina ay puno ng mga kaganapan na nag-anyaya ng iba't ibang mga kultural na impluwensiya at pagbabago. Sa kasalukuyan, ang mga bansang nasa rehiyon ng Indochina ay may kani-kanilang pag-unlad, kasaysayan, at kultura na patuloy na nagpapalit at nagbibigay-turing sa malawak na yaman ng Timog Silangang Asya. *https://courses.lumenlearning.com/suny-fmcc-boundless-worldhistory/chapter/indochina-2/*

Ang **Myanmar,** dating kilala bilang Burma, ay matatagpuan sa Peninsula ng Indo-Tsina sa Timog Silangang Asya. Ito ay may malapit na kaugnayan sa iba't ibang bansa tulad ng Tsina, India, Laos, at Thailand.

Sa kasaysayan ng Myanmar, naging bahagi ito ng mga piyudal na dinastiya pagkatapos ng pagkakabuo nito noong 1944. Naranasan nito ang pagsakop ng United Kingdom noong ika-19 siglo, kung saan naganap ang tatlong digmaan. Noong 1886, naging bahagi ng British India ang Myanmar bilang isang probinsiya.

Noong 1988, naganap ang malawakang demonstrasyon sa buong bansa dahil sa pagbaba ng ekonomiya. Sa huli, kinuha ng militar ang kapangyarihan at nagtakda ng mga pagbabago sa konstitusyon at pangalan ng bansa. Ipinasunod ang "Ang Unyon ng Myanmar."

Sa kabila ng mga pagbabago sa pamumuno at pangalan ng bansa, patuloy ang Myanmar sa pag-unlad ng kanilang kasaysayan, anuman ang mga hamon na kanilang hinaharap.*https://nitp.taipei/cp.aspx?n=B477323F729DD8BB*

Ang **Thailand**, dating kilala bilang Siam, ay may mayamang kasaysayan. Ito ay isa sa mga kauna-unahang bansa sa Timog Silangang Asya na hindi nasakop ng mga kanluranin. Ang Thailand ay matatagpuan sa Timog Silangang Asya, nag-aambag sa kaniyang pangunahing lokasyon sa pagitan ng Cambodia, Myanmar (dating Burma), Laos, at Malaysia. Ito ay may dalampasigang bahagi




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

sa Golpo ng Thailand at Karagatang Pilipino. Ang kultura ng Thailand ay may malalim na ugnayan sa relihiyong Budismo, kung saan ang karamihan ng mamamayan ay mga Buddhist. Ang mga pagdiriwang at ritwal na Buddhist ay malaki ang impluwensiya sa pang- araw-araw na buhay ng mga tao. Kilala rin ang bansa sa mga natatanging sining tulad ng Thai cuisine, traditional dance, at muay Thai (isang sining ng pagsuntok). Ang Thai cuisine ay sikat sa buong mundo dahil sa kakaibang timpla, sariwang sangkap at malasang malasa.

Sa kabuoan, ang Thailand ay may malalim na kultura, kasaysayan, at mga tanyag na lugar na nagpapakita ng kanyang yaman at kakanyahan bilang isa sa mga pangunahing bansa sa Timog Silangang Asya.*https://thaiembdc.org/about-thailand/thailand-in-brief/*

**Gawain 2: Data Retrieval Chart**

**Panuto:**Lagyan ng wastong impormasyon ang sumusunod na bahagi ng data retrieval chart. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




**Mga Gabay na Tanong**

1. Ano ang mahahalagang pangyayari ang kaugnay ng bansang Thailand?
2. Isa-isahin ang mga bansang bumubuo sa Indochina.
3. Bakit ito tinawag na Indochina?
4. Paano nagkahiwa-hiwalay ang mga teritoryo ng Indotsina?

**Gawain 4: I-Post mo!**

**Panuto:** Isulat ang mahalagang konseptong natutuhan sa aralin.Isulat iyong facebook account, bulletin board o kwaderno.






Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Dagdag pang mga Kagamitan (Opsiyonal):**

**Pagtataya/Repleksiyon**

Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kwaderno

1. Ano ang ibig sabihin ng terminong "Indochina" at saan ito nagmula?

   **A**. Ito ay nagmula sa salitang Tsino na nangangahulugang "Timog Silangan."

   **B**. Ito ay nangangahulugang "kontinental na Asya" sa wika ng mga lokal.

   **C.** Ito ay kilala bilang pangalang kabihasnan sa Timog Silangang Asya

   **D**. Ito ay tumutukoy sa lupain na nasa pagitan ng India at Tsina

2. Ano ang pangunahing kultural na impluwensiya sa Indochina mula sa India at Tsina?

   **A**. Relihiyong Hinduismo mula sa India at Confucianismo mula sa Tsina

   **B**. Sining at arkitektura mula sa India, at wika at kultura mula sa Tsina

   **C.** Musika at sining mula sa India, at teknolohiya at kalakalan mula sa Tsina

   **D**. Pananamit at pananampalataya mula sa India, at gawaing kamay at industriyalisasyon mula sa Tsina.

3. Ano ang naging epekto ng makapangyarihang bansa ng India at Tsina sa Indochina noong unang panahon?

   **A**. Nag-ambag ng kanilang kultura at paniniwala sa mga lokal.

   **B**. Nagdala ng kolonyalismo at pag-aaklas sa mga bansa ng rehiyon.

   **C**. Pinilit ang mga lokal na tanggapin ang kanilang pagsasamantala.

   **D**. Pinalakas ang kanilang militar sa rehiyon at nagpatayo ng mga fortress

4. Ano ang pangunahing kaugnayan ng bansang Myanmar sa mga bansa tulad ng Tsina, India, Laos, at Thailand?

   **A**. Sila ay mga kasaping bansa ng European Union.

   **B**. Sila ay mga kasapi ng ASEAN na nagtutulungan sa ekonomiya.

   **C.** Sila ay mga bansang nasa ilalim ng kolonyalismo ng United Kingdom.

   **D**. Sila ay mayroong malalim na kultural na koneksyon at ugnayan sa mga bansang nabanggit.

5. Paano nakakaapekto ang malalim na kasaysayan at kultura ng mga bansang nabanggit sa kanilang pangkasalukuyang kalagayan?

   **A**. Ginagaya nila ang mga sinaunang gawi at tradisyon.

   **B**. Ipinagkakait nila ang kanilang kasaysayan sa mga banyagang bansa.

   **C**. Itinatapon nila ang kanilang kasaysayan sa mga banyagang bansa.

   **D**. Ginagamit nila ang kanilang yaman sa kasaysayan at kultura bilang sandigan ng identidad

**Tala para sa Guro:**

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mga mag-aaral.

**Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat:**



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph